

# Pagbabahagi 101

## Ano ang Kailangan Mong Malaman at Bakit Ito Mahalaga

### Tumutukoy sa Pagkatawan sa Kongreso

Tuwing 10 taon, tutukuyin ng mga bilang ng populasyon mula sa kadekadang senso kung ilang puwesto ang ilalaan para sa bawat estado (state) sa Kapulungan ng mga Kinatawan ng U.S. Pagkatapos ng unang senso noong 1790, kumatawan ang bawat miyembro ng Kapulungan ng U.S. ng humigit-kumulang 34,000 tao. Ngayon, kumakatawan ang bawat miyembro ng mahigit 700,000 tao.

Ang prosesong ito, na tinatawag na pagbabahagi, ay isa sa mga pinakamahalagang gamit ng mga resulta ng senso dahil nakakaapekto ito sa iyong boses sa Kongreso. Ang mga bilang ng populasyon ng 2020 Senso na ginamit para sa pagbabahagi ay kinabibilangan ng bilang ng mga taong nakatira sa bawat estado (state), pati na rin ng militar sa ibang bansa at mga pederal na sibilyang empleyado at ng kanilang mga pamilyang nakatira kasama nila na maaaring i-allocate pabalik sa kanilang tinitirhang estado (state).

### Ito ay nasa Konstitusyon ng U.S.

Iniaatas sa Artikulo 1, Seksyon 2 ng Konstitusyon ng U.S. na dapat kunin ang senso ng populasyon tuwing 10 taon upang maibahagi ang mga puwesto sa Kongreso.

### Paano ito Gumagana

Simula 1940, ginamit na ang “Parang Mga Patas na Pagbabahagi” upang ipamahagi ang 435 puwesto sa Kapulungan ng mga Kinatawan ng U.S. Isang puwesto ang ibinibigay sa bawat estado (state), alinsunod sa Konstitusyon. Pagkatapos nito, may ginagamit na formula upang ipamahagi ang natitirang 385 puwesto.

Kinakalkula ng formula ang mga value batay sa kabuuang populasyon ng bawat estado (state) at sa bilang ng mga posibleng puwestong maaaring matanggap ng bawat estado (state). Niraranggo ang mga value na iyon upang matukoy kung ilang karagdagang puwesto ang matatanggap ng bawat estado (state).

Hindi kasama sa pagkalkula ang mga populasyon ng Distrito ng Columbia, Puerto Rico, at Mga Lugar sa Isla ng U.S. dahil walang anumang puwesto sa pagboto ang mga ito sa Kapulungan ng mga Kinatawan ng U.S.

### Tinutukoy ang Bilang ng Mga Electoral Vote

Ang bilang ng mga electoral vote na nakukuha ng isang estado (state) ay nakabatay sa pagkatawan nito sa Kongreso. Makatanggap ang mga estado (state) ng electoral vote para sa bawat isa sa dalawang senador nito, at isa para sa bawat isa sa mga puwesto nito sa Kapulungan ng mga Kinatawan ng U.S. Nakabatay sa senso ang bilang ng mga puwesto nito.

### Nakakaapekto sa Mga Lehislatibong Limitasyon

Pagkatapos ng senso, karaniwang kinakailangan sa mga pagbabago sa populasyon at pagkatawan sa kongreso sa mga estado (state) ang muling pagtatakda ng mga limitasyon sa distrito sa loob ng mga estado (state). Bibigyan ng Kawanihan ng Senso ng U.S. ang mga estado (state) ng mga bilang ng populasyon ng lokal na lugar na kinakailangan nila upang muling itakda o “muling i-distrito” ang kanilang mga limitasyon sa kongreso at iba pang lehislatibong limitasyon sa produkto ng data ng muling pag-distrito sa ibang pagkakataon.

Press Kit ng Pagbabahagi

<[www.census.gov/newsroom/press-kits/2021/2020-census-apportionment-counts.html](http://www.census.gov/newsroom/press-kits/2021/2020-census-apportionment-counts.html)>

Kumonekta sa amin  
@uscensusbureau

Para sa higit pang impormasyon:  
**2020CENSUS.GOV**

D-FS-GP-TL-045  
09/02/2021

Shape  
your future  
START HERE >

United States®  
**Census**  
**2020**